

MGA TEORYANG BATAYAN NG PAGTUTURO AT PAGKATAO

Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga konsepto sa pananagutang pansarili, pamilya, kapwa, bansa, daigdig at Diyos; nakapagpapasya at nakakikilos nang mapanagutan tungo sa kabutihang panlahat.

MGA TEORYA

EXPERIENTIAL LEARNING NI DAVID KOLB

- ◉ Ang mga nasa edad (adults) ay natututo sa pamamagitan ng kanilang *pagninilay* sa kanilang mga karanasan, pagbuo ng mga konklusyon o insight mula sa mga ito, at *paglalapat* ng mga ito sa angkop na mga sitwasyon ng buhay.

TEORYA NG PAGKATUTO NG CONSTRUCTIVISM

- ◉ Nagkakaroon ng pagkatuto ang tao at gumagawa ng kabuluhan (meaning) batay sa kanyang karanasan.
- ◉ Tuon sa mag-aaral.
- ◉ Nagkakaroon siya ng mga bagong pagkatuto gamit ang mga tanong ng guro at ng kanyang malikhaing paraan.

TEORYA NG CAREER DEVELOPMENT NINA GINZBERG, ET. AL AT SUPER

- ◉ Ang pagpapasya ng bata ukol sa kurso o propesyon - dumadaan sa iba't ibang yugto batay sa kanyang pagtingin sa sarili (self-concept), saloobin (attitude) at mga pagpapahalaga.
- ◉ Ang pagtanggap o pagtanggap sa isang kurso o trabaho batay sa obserbasyon niya.

SOCIAL-EMOTIONAL LEARNING: PALATANDAAN

- ◉ Kamalayang Pansarili
(*Self-awareness*)
- ◉ Pamamahala ng Sarili
(*Self-management*)
- ◉ Kamalayang Panlipunan
(*Social Awareness*)
- ◉ Pamamahala ng Pakikipag-ugnayan
(*Relationship Management*)
- ◉ Mapanagutang Pagpapasya
(*Responsible Decision Making*)

ANG PILOSOPIYA

Ang Edukasyon sa Pagpapakatao ay batay sa pilosopiyang Personalismo tungkol sa pagkatao ng tao at sa Virtue Ethics. Ayon sa pilosopiya ng Personalismo, ang ating mga ugnayan ay nakaugat lagi sa pagpapakatao. Nililikha natin ang ating pagpapakatao sa ating pakikipagkapwa. Sa Virtue Ethics naman, sinasabing ang isang mabuting tao ay nagsasabuhay ng mga virtue o mabuting gawi (habits) at umiiwas sa mga bisyo o masamang gawi. Samakatuwid, ang nagpapabuti sa tao ay ang pagtataglay at ang pagsasabuhay ng mga mabuting gawi.

MGA PAMANTAYAN SA PROGRAMA

Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga konsepto sa pananagutang pansarili, pamilya, kapwa, bansa, daigdig, at Diyos; nakapagpapasya at nakakikilos nang mapanagutan tungo sa kabutihang panlahat.

PANGUNAHING PAMANTAYAN SA BAWAT YUGTO

EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO

GRADE 1-3

Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa konsepto at gawang nagpapakita ng pananagutang pansarili, pagmamahal sa kapwa, sa bansa at sa Diyos tungo sa maayos at masayang pamumuhay.

GRADE 4-6

Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa konsepto at gawang nagpapakita ng pananagutang pansarili, pagmamahal sa kapwa, sa bansa/daigdig at sa Diyos tungo sa kabutihang panlahat.

GRADE 7-10

Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga konsepto sa:

- ◉ pananagutang pansarili,
- ◉ pagkatao ng tao,
- ◉ mga pagpapahalagang moral, at
- ◉ tamang pagpili ng kurso o trabaho at
- ◉ nagpapasya at kumikilos nang mapanagutan tungo sa kabutihang panlahat upang mamuhay nang may kaayusan at kaligayahan.

PAMANTAYAN

GRADE 1

Naipakikita ang mga paraan ng paggalang sa sarili, kapwa, sa bansa at Diyos bilang gabay tungo sa maayos at masayang tahanan at paaralan.

GRADE 7

Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga angkop na inaasahang kakayahan at kilos sa panahon ng pagdadalaga/pagbibinata, talento at kakayahan, hilig at pagkatao ng tao tungo sa pagtupad ng mga tungkulin sa sarili, sa kapwa, sa bansa/daigdig at sa Diyos at pagtatakda ng mithiin upang mapanagutan ang kahihinatnan ng mga pasya at kilos.

MGA TEMA

I	II	III	IV
<p>Pagpapakatao at Pagiging Kasapi ng Pamilya</p> <p>(Self-Worth)</p>	<p>Pakikipag kapwa</p> <p>(Harmony with other people)</p>	<p>Pagmamahal sa bansa at pakikibahagi sa pandaigdigang pagkakaisa</p> <p>(Love of Country and global solidarity)</p>	<p>Pagkamaka- Diyos at preperensya sa kabutihan</p> <p>(Love of God and preference for the Good)</p>

GRADE 1: AKO BILANG BATA: MAY MAGAGAWA

Modyul 1- Ako ay Mabuting Kasapi ng Pamilya

Modyul 2- Mahal Ko ang Aking Kapwa

Modyul 3- Mahal Ko ang Aking Bansa

Modyul 4- Mahal Ko ang Panginoon

MGA TEMA SA GRADE 7

Unang Markahan:

Pananagutang Pansarili

Ikalawang Markahan:

Ang Pagkatao ng Tao

Ikatlong Markahan:

Ang Pagpapahalaga at Birtud

Ika-apat na Markahan:

Ang Pagtatakda ng Mithiin at Pagpapasya

Talaan ng mga Kakayahan at Pagpapahalaga

Nilalaman/Halaga	K	Gr. 1	Gr. 2	Gr. 3	Gr. 4	Gr. 5	Gr. 6
A. Pagpapakatao at Pagiging Kasapi ng Pamilya							
• Pagkilala sa sarili							
➤ Kalakasan/potensyal	●	●	●	●	●	●	●
➤ Kahinaan	●	●	●	●	●	●	●
➤ Damdamin	●	●	●	●	●	●	●
• Pangangalaga sa sarili							
➤ Mabuting kalusugan	●	●					
➤ Pagpipigil sa sarili	●	●					
• Katatagan ng loob			●	●	●	●	●
• Pagkamasipag			●	●	●	●	●

Nilalaman/Halaga	K	Gr. 1	Gr. 2	Gr. 3	Gr. 4	Gr. 5	Gr. 6
• Mapanuring pag-iisip			●	●	●	●	●
• Pagkakaroon ng bukas na isipan			●	●	●	●	●
• Pagmamahal sa katotohanan			●	●	●	●	●
• Pagkamatiyaga			●	●	●	●	●
• Pagkamahinahon			●	●	●	●	●
• Pagkakabukod ng pamilya/ kaayusan			●	●	●		
B. Pakikipagkapwa-tao							
• Pagdama at pag-unawa sa damdamin ng iba		●	●	●	●		
• Paggalang		●	●	●	●	●	●
• Pagkamatapat		●	●	●	●		
• Pagkabukas-palad		●	●	●	●		

Nilalaman/Halaga	K	Gr. 1	Gr. 2	Gr. 3	Gr. 4	Gr. 5	Gr. 6
• Pagmamalasakit sa kapwa						•	•
➤ Pagiging palakaibigan	•						
➤ Pagkakawanggawa/ pagkamahabagin						•	
C. Pagmamahal sa bansa at pakikibahagi							
• Pagkamasunurin		•	•	•	•		
• Kasipagan							
• Mapanagutan							
• Nasyonalismo at Globalismo							
➤ Kaayusan		•	•	•	•		
➤ Patriotismo							

Nilalaman/Halaga	K	Gr. 1	Gr. 2	Gr. 3	Gr. 4	Gr. 5	Gr. 6
➤ Pagmamalasakit sa kapaliguran	●	●	●	●	●		
➤ Pandaigdigang pagkakaunawaan				●	●	●	●
D. Pagkamaka-Diyos at presensya sa kabutihan (Ispiritwalidad)							
• Pananampalataya sa Panginoon		●	●	●	●		
• Pag-asa (Hope)		●	●	●	●		
• Pagkamatapat (Sincerity)		●	●	●	●		
• Pagmamahal at pagkakawangawa (Charity)		●	●	●	●		
• Paggalang sa karapatan ng iba		●	●	●	●		
• Paggalang sa paniniwala ng iba		●	●	●	●		

Format ng mga Pamantayan Pangnilalaman at Pagganap

STANDARD:	Naipakikita ang mga kilos na nagpapahalaga sa sarili, sa kapwa, sa bansa at sa Diyos at sa kanyang mga nilikha bilang patnubay sa maayos at masayang tahanan at paaralan
------------------	---

Level	Grade 1			
Nilalaman (Content) Domain/ Strand	Pamantayan Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kakayahan sa Pampagkatuto	Pamantayan sa Pagtataya

I. Pananagutang Pansarili at Pagiging Kasapi ng Pamilya (Self-worth)

A. Pangangalaga sa sarili 1. Mabuting kalusugan 2. Pagpipigil sa sarili (self-control)	A. Naipamamalas ang pang-unawa sa kahalagahan nang pangangalaga sa kalusugan	A. Naisasakata-tuparan ang mga paraan ng tamang pangangalaga sa kalusugan sa araw-araw	A. Naisasagawa ang iba't ibang paraan ng pangangalaga sa kalinisan ng sarili: 1. Pagse-sepilyo	A. 1. Pagtala sa “daily log” ng mga ginawang pangangalaga sa sarili nang may katapatan
---	--	---	---	---